



MGA MEDISINA SA PAGGAMOT AT PAGPIGIL SA COVID-19

Gamot upang Gamutin ang COVID-19

Kung mayroon kang COVID-19, may mga sintomas, at nasa mataas na panganib ng malubhang sakit, maaari kang kumuha ng mga medisina na *gumagamot* sa COVID-19 at pananatilihin kang hindi mahospital. Magpasuri agad kung nasa mataas kang panganib at may mga sintomas, kahit na banayad ang mga ito. Kung nasuri kang positibo, magpagamot agad.

Huwag ipagpaliban! Gumagana nang mahusay ang mga medisina kapag naibigay ang mga ito sa lalong madaling panahon.

Sino ang maaaring kwalipikado para sa paggamot?

Mga taong may mga sintomas at positibong pagsusuri sa COVID-19 na:

- **Edad 65 pataas**

-0-

- **Anumang edad sa payo ng tagapagbigay.**

Halimbawa, mga indibidwal na may sumusunod na mga kondisyon ay maaaring magkwalipika*:

- Kanser
- Talamak na sakit sa bato, atay, o sakit sa бага kabilang ang cystic fibrosis at tuberkulosis
- Demensya o iba pang mga pang-utak na [neurological] kondisyon
- Dyabetis (ika-1 o ika-2 uri)
- Mga kapansanan
- Mga kondisyon sa puso, sakit na stroke/cerebrovascular
- Mga kondisyon sa kalusugang pangkaisipan
- Sobra sa timbang o labis na katabaan, pisikal na kawalan ng aktibidad
- Pagdadalang-tao
- Sickle cell na sakit o thalassemia
- Naninigarilyo, kasalukuyan o dati
- Mga sakit sa paggamit ng bawal na gamot (substance)
- Huminang sistema ng imyunidad, kabilang ang impeksyon ng HIV, pagtanggap ng bahagi ng katawan [organ] o bone marrow na inilalagay sa katawan [transplant]

Para sa mas maraming mga detalye, iiskan ang QR na kodigo sa kanan.



**Ang listahang ito ay hindi kinabibilangan ng lahat ng posibleng kondisyon. Para sa detalye, bisitahin ang CDC webpage [Mga Taong may Ilang Medikal na Kondisyon](#). Makipag-usap sa iyong tagapagbigay (provider) kung sa tingin mo ikaw ay nasa mataas na panganib.*

Paano makukuha ang mga medisina

May ilang iba't ibang paraan para makakuha ng medisina sa paggamot sa COVID-19:



- **Makapagsulat ng reseta ang iyong doktor** na maaari mong mapunan sa higit 300 parmasya sa LA County. Kung kailangan mo ng paggamot na idinadaan sa mga ugat, maaari kang isangguni ng iyong doktor sa isang naaangkop na lokasyon.
- **Maaari kang gumamit ng programa na [Magpasuri para Makapagpagamot](#)** na makukuha sa maraming mga parmasya at klinika.
- **Maaari mong gamitin ang Serbisyong Tele-Health ng Pamublikong Kalusugan** (makukuha 7 araw sa isang linggo mula 8:00 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi sa 833-540-0473).

Ang mga serbisyo ng Magpasuri para Makapagpagamot at Tele-health ay nagbibigay ng madaling akses sa pagsusuri sa COVID-19, pagtatasa, at kung ikaw ay kwalipikado, mga pambibig (oral) na paggamot sa COVID-19.

Mga uri ng medisina

May 2 uri ng medisina na magagamit para mapigilan o gamutin ang COVID-19:

- **Mga Kontra virus (antivirals)** na pumipigil sa mga virus sa "pagdami" sa katawan



MGA MEDISINA SA PAGGAMOT AT PAGPIGIL SA COVID-19

- **Panlaban ng Katawan na Monoclonal (Monoclonal antibodies)** na bumibigkis sa virus at tinutulungan ang katawan na maalis ito.

Ang mga medisinaang ito ay mga iniinom *na gamot* (sa pamamagitan ng bibig) at dapat na simulan *sa loob ng 5 araw* ng pagkakaroon ng mga sintomas.



- **Paxlovid** (kontra virus) – para sa mga taong edad 12 pataas na tumitimbang ng 88 libra (pounds).
- **Molnupiravir** (kontra virus) – para sa mga matatandang edad 18 pataas, at hindi nagdadalang-tao.

Ang mga medisinaang ito ay ibinibigay sa *pamamagitan ng pagpapadaan sa ugat* (papasok sa ugat) at dapat na simulan *sa loob ng 7 araw* ng pagkakaroon ng mga sintomas.



- **Remdesivir** (kontra virus) – para sa mga matatanda at bata, kabilang ang mga sanggol na tumitimbang ng hindi bababa sa 3 kilo (halos 7 libra o pounds). Ibinibigay ng isang beses sa 3 araw.
- **Bebtelovimab** (panlaban ng katawan na monoclonal) – para sa mga taong edad 12 pataas na tumitimbang ng hindi bababa sa 88 libra (pounds). Ibinibigay bilang isahang (single) dosis.

Gamot upang Mapigilan ang COVID-19

Kung hindi ka maaaring tumanggap ng bakuna sa COVID-19 dahil sa mga medikal na kadahilanan, o kung ang iyong sistema ng imyunidad ay hindi sapat ang lakas upang bumuo ng makakatugon sa bakuna, makipag-usap sa iyong doktor. Maaaring kwalipikado ka para sa pangmatagalang gamot na monoclonal na panlaban ng katawan (antibody) na tinatawag na **Evusheld**. Ginagamit ang Evusheld para mapigilan ang COVID-19. (Kilala ito bilang bago ang pagkakalantad (pre-exposure) na prophylaxis. Maaari itong ibigay sa mga taong edad 12 pataas na tumitimbang ng hindi bababa sa 88 libra (pounds). Ibinibigay ito bilang 2 iniksyon papasok sa kalamnan (muscle) sa isahang pagbisita.



- **Libre ang mga medisina**
Walang gastos sa mga gamot na ito sa COVID-19, ngunit maaaring maningil ang pasilidad ng bayad sa pagbisita/konsultasyon. Sinasakop ng Medicare at Medicaid ang *lahat* ng gastos at ang Serbisyong Tele-health ng DPH ay ganap na libre. Kung mayroon kang pribadong seguro, suriin ang iyong plano upang makita kung sakop nito ang lahat ng gastos. Kung wala kang seguro, tanungin ang pasilidad ng paggamot kung may mga babayaran.
- **Kumuha lamang ng mga gamot na inirereseta ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan**
Malubhang nasaktan ang mga tao at namatay pa ang iba pagkatapos kumuha ng mga produktong hindi awtorisado para sa COVID-19. Kabilang dito ang mga produktong inaprubhan at/o inireseta para sa ibang gamit.
- **Ang mga paggamot sa COVID-19 ay hindi kapalit ng pagpapabakuna sa COVID-19.** Ang mga bakuna ay ligtas, epektibo, libre, at [malawak na makukuha](#) sa buong LA County. Pinoprotektahan ka ng mga ito sa pagkakaroon ng malubhang sakit sa COVID-19.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa anumang medisina sa COVID-19, kontakin ang iyong doktor.

Para sa mas marami pang impormasyon at para makahanap ng lokasyon na nag-aalok ng paggamot, pagsusuri, o bakuna

Bisitahin ang ph.lacounty.gov/covidmedicines o tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Pampublikong Kalusugan (bukas 7 araw sa isang linggo mula sa 8:00 ng umaga - 8:30 ng gabi sa 833-540-0473).

Para sa impormasyon sa kung paano kumuha ng pagsusuri sa COVID-19, bisitahin ang ph.lacounty.gov/covidtests/how.